

► **MGA SAKIT**



Bacterial leaf blight (BLB)

nauga nga dahon, nalata nga tanum (Cebuano); nadurot nga tanum (Waray); naggapula (Ilonggo)

Sintomas:

- Nalalanta at namamatay ang bagong lipat na punla (kresek). May tila basa at dilaw na markang pahaba sa mga dahon na maaaring magsimula sa mga dulo nito, na kalaunan ay lumalapad at may alon-alon ang gilid.

Paano labanan?

- Bunutin at ilayo agad ang palay na tinamaan ng sakit. Huwag ibaon sa palayan dahil maaaring mabuhay ang mga baktirya sa tubig at makahawa sa ibang tanim.
- Huwag nang padaluyin ang tubig mula sa mga palayang inatake ng sakit.
- Bawasan ang tubig o patuyuan ang bukid kung may matindi at malawakang impeksyon sa palayan.

PAANO MAIIWASAN?

- Magtanim ng barayting napatunayan nang matibay sa peste at sakit sa inyong lugar. Magpalit ng barayti tuwing ika-2 hanggang ika-4 na taniman.
- Magtanim nang sabayan pagkatapos pagpahingahin ang lupa nang 30 araw.
- Palagiang bisitahin at ikutin ang buong palayan upang maagang matukoy at maagapan ang mga potensiyal na problema dulot ng peste.
- Magtanim ng mga namumulaklak na halaman sa paligid ng palayan upang may mapagkanlungan at makainan ang mga kaibigang insekto. Hayaan silang dumami kasabay ng mga iba pang kakamping organismo sa palayan na kumakain sa mga pesteng insekto.

Tungro

Sintomas:

- Bansot at maputlang berde ang mga dahon ng palay.

Paano labanan?

- Sa umpisa ng mga sintomas, maaaring bunutin at ibaon sa lupa ang mga halaman na tinamaan ng sakit.



Brown spot

butik-butik, taguntom (Waray); tawonton (Cebuano; puntik-puntik (Cebuano in Mindanao); putak-putak (Bicolano)

Sintomas:

- Nagkakaroon ng maliliit na *spot* (mata-mata) sa dahon na pabilog at kulay-kape.



Paano labanan?

- Magdagdag ng patabang mataas ang potasyo. Maaari ding magbomba ng *fungicide* para makontrol ang pagkalat at paglala ng sakit.
- Sundin ang tamang dami ng binhi. Iwasan ang masinsin na pagtatanim.
- Iwasan ang sobrang paglalagay ng nitroheno.
- Iwasang maputol ang mga dahon ng mga punla at tanim na maaaring pasukan ng semilya ng sakit.
- Panatilihiing mababaw ang tubig sa palayan (2-3sm) para mabawasan ang halumigmig sa mga puno.
- Panatilihin ang kalinisan sa paligid. Tanggalin ang mga damo. Araruhin at patuyuan ang lupa pagkatapos ng anihan upang mabawasan ang pagmumulan ng semilya ng mga sakit sa susunod na taniman.
- Bunutin at ilayo agad ang palay na tinamaan ng sakit. Huwag ibaon sa palayan dahil maaaring mabuhay ang mga baktirya sa tubig at makahawa sa ibang tanim.

Leaf blast

mata-mata (Bisaya); agupaw (Waray); taya-taya (Cebuano in Mindanao)

Sintomas:

- Nagkaka-*spot* (mata-mata) ang mga dahon na hugis-dyamante, na medyo mapula ang gilid at abuhin ang gitna.
- Kapag gumulang na ang mga halaman, maaari ding mapinsala ang buko, batok, at ang uhay mismo (*panicle blast*) ng palay.



Paano labanan?

- Ang pagpapatubig ay nakababawas ng sakit na mata-mata.
- Iwasang lumusong sa palayan kapag basa pa ang mga dahon dahil maaaring maikalat ang sakit.



Sheath blight

labhag sa pal-ak (Cebuano); masot (Pangasinan)

Sintomas:

- May pahaba at kulay-abo na batik sa lapak o *leaf sheath* na madalas makita sa panahon ng pagsusuwi hanggang sa paglabas ng uhay.

Paano labanan?

- Patuyuan ang sakahan nang ilang araw kapag ang palay ay nasa kasagsagan ng pagsusuwi.

► **MGA PESTENG INSEKTO**

Brown planthopper (BPH)

(kayumangging hanip, kayumangging ngusong kabayo)

Sintomas:

- Sinisipsip nito ang katas ng puno/dahon ng palay na sanhi ng pagkatuyo o *hopperburn*. Nagdadala rin ang BPH ng sakit na *virus* tulad ng *grassy stunt* at *ragged stunt*.



Paano labanan?

Magpatubig gamit ang *Alternate Wetting and Drying* (AWD) *technology* at *split application* ang pataba habang nagsusuwi ang palay. Sa AWD, kailangan lamang magpatubig kapag naubos na ang tubig sa *observation well*.

Kung hindi hihigit sa isang BPH kada suwi, hindi kailangan na mag-isprey ng lason.

Kapag umatake sa panahon ng pagbubuntis hanggang paghinog (25 pataas na BPH kada tundos), panatilihin ang malalim na tubig. Maaaring magbomba ng rekomendadong insektisidyo.

Rice bug

(atangya)

Sintomas:

- Sinisipsip nito ang katas ng butil ng palay na malagatas pa lamang. Naiiba ang kulay at hugis at may kayumangging batik ang mga butil na kintas ng atangya. Walang laman o pipis ang mga ito.



Paano labanan?

Tumalima sa sabayang pagtatanim.

Pagsapaw at pagmamalagatas: Magpain ng masangsang na bagay gaya ng binulok na kuhol, laman-loob ng isda, o bituka ng manok. Ilagay sa basahan at balutin ng *fishnet*. Ilagay sa tulos na 1 metro ang taas sa ibabaw ng mga uhay. Kung marami ang naakit, maaaring bombahin o sunugin.

MGA PESTENG INSEKTO



Rice black bug (RBB)

(itim na atangya)

Sintomas:

- Bansot ang palay at naninilaw o namumulang-kayumanggi ang mga dahon.
- Patay na suwi o *deadheart*; nagiging kayumanggi at namamatay ang mga suwi.
- Puting uhay o uban/*whiteheads*; namamatay ang uhay at nagiging pipis ang mga butil.
- Natutuyo ang mga palay (*bugburn*) dahil sa sobrang pagsipsip ng maraming RBB.

Paano labanan?

Patubigan ang nagsusuwi at nagbubuntis hanggang nahihinog na palayan upang mabugok ang mga itlog ng RBB at para lumayo sila.

Maaaring gumamit ng lason kung sobrang dami (higit 5 kada tundos) ang populasyon ng RBB. Mag-isprey kapag malamig ang panahon at nasa ibabaw ng palay ang mga RBB. Mag-isprey ng *Metarhizium anisopliae* kung kinakailangan.

Sa matinding pagsalakay ng RBB, magsagawa ng *light trapping* gamit ang maliwanag na bombilya. Araruhin agad ang palayang nasira ng RBB.

White/Yellow Stemborer (YSB)

(puti/dilaw na aksip)

Sintomas:

- Dahon ay nangunguluntay, nagkukulay-kape, natutuyo, at madaling bunutin.
- May maliliit na butas sa mga puno at may mga ipot ng kulisap.
- Whiteheads:
 - Nangyayari sa yugto ng pagbuo ng mga uhay.
 - Namumuti ang uhay at ang mga butil ay napipipis o walang laman.



Paano labanan?

Kung maraming itlog sa dahon ng bubunuting punla, maaaring putulin ang mga dulo ng dahon bago ilipat-tanim.

Kung sa panahon ng paglago/pagsusuwi tamaan ang palay, kaya pa nitong bumawi. Magpakawala ng mga *biological control agents* gaya ng *Trichogramma* na maaaring mahingi sa Regional Crop Protection Center sa inyong lugar.

Magsagawa ng *light trapping* upang mamonitor ang pagdami ng mga magugulang na *stemborer* sa panahon ng paglilihi hanggang sa pagsapaw ng palay.

Kung sobrang dami ang mga paru-paro sa panahon ng pagbubuntis hanggang pamumulaklak, maaaring marami na ring mangingitlog sa palayan. Maglagay ng itlog ng YSB sa garapon, takpan, at hintaying mapisa. Kapag mas maraming uod kaysa putakti ang lumabas, kailangang magbomba na sa palayan.

Green Leaf Hopper (GLH)

(berdeng ngusong kabayo)

Sintomas:

- Ito ang nagkakalat ng sakit na tungro sa halamang palay. Delikado ang tungro lalo kung tamaan ang palay na nagsusuwi.



Paano labanan?

Kung may tungro sa sarili o kalapit na bukid, maaaring mag-isprey ng pamatay insekto upang hindi maikalat ang bayrus.

Ang babasahing ito ay sumusuporta sa Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) – Seed and Extension Programs. Bilang proteksyon ng mga magsasaka sa pinaluwag na pagpasok ng imported na bigas, ang RCEF ay naglalaan ng pondo para sa pagpapaunlad, pagpaparami, at pagsusulong ng paggamit ng inbred certified seeds; makinaryang pangsakahan; pagpapautang na may mababang interes; at pagsasanay ng mga magsasaka.

MAKIPAG-UGNAYAN:



PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION
Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija

BRANCH STATIONS :

PHILRICE BATAC, MMSU Campus, Batac City, 2906 Ilocos Norte
Mobile: 0919-944-3016
Email: batac_1station@mail.philrice.gov.ph

PHILRICE ISABELA, Malasin, San Mateo, 3318 Isabela
Mobile: 0956-912-9043
Email: isabela.station@mail.philrice.gov.ph

PHILRICE LOS BAÑOS, UPLB Campus, Los Baños, 4031 Laguna
Tel: (49) 501-1917; Mobile: 0993-631-9175
Email: losbanos.station@mail.philrice.gov.ph

PHILRICE BICOL, Batang, Ligao City, 4504 Albay
Tel: (52) 431-0122; 742-0690; -0684
Email: bicol.station@mail.philrice.gov.ph

PHILRICE NEGROS, Cansilayan, Murcia, 6129 Negros Occidental
Mobile: 0912-638-5019; 0936-160-2498
Email: negros.station@mail.philrice.gov.ph

PHILRICE AGUSAN, Basilisa, RTRomualdez, 8611 Agusan del Norte
Telefax: (85) 806-0463
Email: agusan.station@mail.philrice.gov.ph

PHILRICE MIDSAYAP, Bual Norte, Midsayap, 9410 North Cotabato
Mobile: 0938-374-1040
Email: midsayap.station@mail.philrice.gov.ph

PHILRICE FIELD OFFICE, CMU Campus, Maramag, 8714 Bukidnon
Mobile: 0909-822-9813
Email: philricefocmu.2019@gmail.com

LIAISON OFFICE, ATI Building, Elliptical Road, Diliman, Quezon City
Mobile: 0928-915-9628

SATELLITE STATIONS:

MINDORO Satellite Station, Alacaak, Sta. Cruz
5105 Occidental Mindoro Mobile: 0919-495-9371

SAMAR Satellite Station, UEP Campus, Catarman, 6400 Northern Samar
Email: jasienes@exchange.philrice.gov.ph

ZAMBOANGA Satellite Station, WMSU Campus, San Ramon
7000 Zamboanga City
Mobile: 0975-526-0306



0917-111-7423



www.philrice.gov.ph
www.pinoyrice.com



DA-PhilRice



PhilRice TV



prri.mail@philrice.gov.ph



Pesteng INSEKTO at SAKIT

LABANAN

